Mensahe Lima

## Ang Natural na Abilidad laban sa Nabuhay na muling Abilidad ng Paggulang ng Buhay para sa Pagtatayo ng Ekklesia bilang ang Organikong Katawan ni Kristo

Babasahin sa Kasulatan: 1 Hari 3:1; 11:1-8; Jos. 9:14; 1 Cor. 1:24, 30; Isa. 45:15; 37:31; Mat. 6:6

**I. Si Solomon ay naging isang tao ng karunungan at isang tao ng pang-unawa (2 Cron. 1:10; cf. Col. 2:2b-3); gayunpaman, dahil kumuha siya ng maraming babaeng pagano at sinamba ang kanilang mga diyos-diyosan at nagtayo ng mga lugar upang sumamba ang mga tao sa mga diyos-diyosan, naiwala niya ang kanyang ibinigay ng Diyos na karunugan at ang kanyang ibinigay ng Diyos na pang-unawa; siya ay naging napakamangmang at nagdulot ng pagkawasak sa kanyang kaharian (1 Hari 3:1; 11:1-8):**

A. Ang ama ni Solomon na si David, isang taong ayon sa puso ng Diyos, ay nabigo sa gayunding malubha at pangit na kasalanan ng pagpapasasa sa kanyang pita (2 Sam. 11); ang kabiguan ni Solomon sa makasatanas na tukso na ito ay mas matindi kaysa sa kanyang ama; ang kanyang pagkatisod ay sa kanyang pagpapasasa sa kanyang pita sa pag-ibig sa maraming banyagang babae (1 Hari 11:1-3), sa kanyang pagtalikod sa Diyos, na dalawang ulit na nagpakita sa kanya (b. 9b), at sa kanyang pagsamba sa mga Hentil na diyos-diyosan sa pamamagitan ng pang-aakit ng mga banyagang babae na kanyang inibig (bb. 4-8).

B. Si Solomon ay may pitong daang asawa at tatlong daang kalunya (b. 3); upang mabigyang kasiyahan ang kanilang nais, nagtayo siya ng mga mataas na dako; ang kanyang mga asawa ay "iniligaw…ang kanyang puso upang sumunod sa ibang diyos" (b. 4); "Si Solomon ay sumunod kay Ashtoret, diyosa ng mga Sidonio, at kay Milcom na karumaldumal ng mga Ammonita" (b. 5).

C. "Ipinagtayo ni Solomon ng mataas na dako si Cemos na karumaldumal ng Moab sa bundok na nasa silangan ng Herusalem at si Molec na kasuklam-suklam ng mga anak ni Ammon"—b. 7:

1. Nang panahon ng paghahari ni Solomon ang templo ay itinayo sa Herusalem, at pinuspos ng kaluwalhatian ng Panginoon ang templo; ang kapanahunan ng pagtatayo ng templo ay isang ginintuang panahon sa kasaysayan ng mga anak ni Israel—8:10-11.
2. Ang namumukod-tanging lugar, ang Herusalem, ay sumasagisag sa kaisahan, samantalang ang mga mataas na dako ay sumasagisag sa pagkakabaha-bahagi; kung paanong ang lahat ng uri ng kasamaan at kasuklam-suklam na bagay ay may kaugnayan sa pagtatatag ng mga mataas na dako, gayundin sa Bagong Tipang katawagan, ang lahat ng uri ng kasamaan ay may kaugnayan sa pagkakabaha-bahagi—1 Cor. 1:10 at talababa 3.
3. Kapansin-pansing si Solomon, ang mismong nagtayo ng templo ayon sa nais ng Diyos sa batayan ng kaisahan ng bayan ng Diyos, ang nangunang magtayo muli ng mga mataas na dako—1 Hari 11:6-8.

D. Ito ang nagsanhi sa kanyang mga inapo na maiwala ang mahigit sa siyamnapung porsiyento ng kanilang kaharian at nagsanhi sa bayang hinirang ng Diyos na magdusa ng pagkakabaha-bahagi at kalituhan sa gitna nila sa buong itinagal ng maraming henerasyon; sa kalaunan, naiwala nila ang lupaing ibinigay ng Diyos at naging mga bihag sa mga banyagang lupain ng pagsamba sa diyos-diyosan.

E. Ang bansang Israel ay nagdurusa pa rin dahil sa kabiguan ni Solomon; anong isang babala at isang pangamba dapat ito sa atin! Dapat tayong maging maingat; kahit ang isang maliit na kabiguan sa pagpapasasa sa pita ay makapipinsala sa buhay-ekklesia at makapapatay sa mga marilag na aspekto ng buhay-ekklesia.

F. Kaya, dapat tayong maging maingat, kahit sa pinakamaliit na bagay; dapat tayong lumakad ayon sa espiritu sa lahat ng bagay (Roma 8:4; cf. Zac. 4:8-10); ang bayan ng Diyos ay dapat mamuhay na kasama Niya, palaging umaasa sa Kanya at kaisa Niya (Jos. 9:14; 2 Cor. 6:1a; 1 Cor. 3:9; Mat. 1:23).

G. Ang kamatayan ni Solomon ay nasa isang mapanglaw na kabiguan (1 Hari 11:40-43); ang kanyang kaluwalhatian ay nalagas tulad ng bulaklak ng damo (Mat. 6:29; 1 Ped. 1:24), at ang kanyang marilag na tungkulin ay naging “walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan,” gaya ng kanyang ipinangaral (Eccl. 1:2).

**II. Kailangan nating makita ang kabiguan ni Solomon sa ilalim ng liwanag ng espiritwal na buhay:**

A. Si Solomon ay isang marunong na tao ngunit hindi isang espiritwal na tao; isang tao ng kakayahan, hindi isang tao ng buhay; ang kanyang pagtatamasa sa mabuting lupain na ibinigay ng Diyos ay umabot sa pinakamataas na antas sa pamamagitan ng ibinigay na kaloob ng Diyos; gayunpaman, dahil sa kanyang maliit na sukat sa paggulang sa espiritwal na buhay, naputol siya mula sa pagtatamasa sa mabuting lupain sa ekonomiya ng Diyos dahil sa kanyang walang pagpipigil na pagpapasasa sa kanyang pita—1 Cor. 2:14-15; 3:1, 3.

B. Ang karunungan ni Solomon na ibinigay ng Diyos ay ginawa siyang dakila sa sanlibutan sa kanyang mga araw; gayunpaman, ang kanyang karunungan ay lubusang nasa pisikal na kinasasaklawan, na walang anumang espiritwal na elemento; ang kanyang karunungan ay isang anino ng tunay na karunungang darating, at ito ay lubusang naiiba mula karunungan ni Pablo—1:24, 30.

C. Ang karunungan ni Pablo ay isang espiritwal na karunungan hinggil kay Kristo na gumagawa ng Kanyang tahanan sa ating mga puso (Efe. 3:17), sa ating paglakad at paggawi ayon sa espiritu (Roma 8:4), at sa dalawang espiritu—ang dibinong Espiritu at ang pantaong espiritu—na pinaghalo bilang isang espiritu (b. 16; 1 Cor. 6:17).

D. Ang mga hiwaga ng ekonomiya ng Diyos ay pangunahing inihayag kay Pablo (Col. 2:2; Efe. 3:3-5, 9-10); ngayon, kung nais nating malaman ang pinakamataas na karunungan sa sansinukob, dapat tayong pumasok sa pagpapakristal ng mga katotohanan sa mga Liham ni Pablo; ang tunay na karunungan ay ang Diyos, na naisakatawan kay Kristo, na naging ating karunungan upang mapasaloob natin, ginagawa tayong kasia ng Diyos at ginagawa tayong Diyos sa buhay at sa kalikasan subalit hindi sa pagka-Diyos; sa gayon, tayo ay nagiging ang obramaestra ng Tres-unong Diyos, Kanyang tula, itinatanghal ang Kanyang walang-hangganang karunungan at dibinong disenyo (1 Cor. 1:24, 30; Efe. 2:10; 3:9-11).

**III. Si Solomon ay isang taong punô ng natural na abilidad subalit hindi isang tao ng buhay, isang tao na ang karunungan ay isang kaloob, hindi isang sukat ng buhay; ang mga tungkuling naisakatuparan niya ay mga patunay ng kanyang kakayahang mula sa kaloob ng karunungang ibinigay ng Diyos, hindi mga kahayagan ng abilidad ng paggulang sa buhay—Heb. 6:1; Col. 1:28-29; Fil. 3:12-15:**

A. Kailangan nating makita ang kaibahan ng ating natural na abilidad at ng abilidad na dumaan sa kamatayan at pagkabuhay na muli; kailangan nating matanto ang kawalang-kakayahan, ang pagiging di-sapat, ng ating natural na katauhan at natural na abilidad sa mga bagay ng Diyos—Gawa 7:22; Exo. 3:2-3, 14-15; 1 Cor. 2:14; Fil. 3:3-9; 2 Cor. 3:5-6.

B. Hindi tayo dapat magkaroon ng anumang pagtitiwala sa ating natural na katauhan sa mga bagay ng Diyos; sa halip, dapat nating matutuhang tanggihan ang ating natural na katauhan at ensayuhin ang ating espiritu sa lahat ng bagay para sa organikong pagtatayo ng Katawan ni Kristo—Fil. 3:3; Roma 8:4; 1 Tim. 4:7.

C. Sa pagbabawi ng Panginoon ay walang puwang para sa ating natural na katauhan; ang mga ekklesia sa pagbabawi ng Panginoon, bilang mga bahagi ng buháy na Katawan ni Kristo, ay kusang tatanggihan ang anumang bagay na natural—1 Cor. 12:12-13.

D. Sa pagtatayo ng ekklesia, bawat natural na bagay sa loob natin ay dapat mabasag bago tayo sama-samang maihugpong; maitatayo lamang tayo pagkatapos nating mabasag sa ating natural na katauhan—*Mga Himno,* #837, mga saknong 6 at 7.

E. Ang natural na abilidad ay mayabang at nagsasanhi sa ating maging palalo, na nagreresulta sa pagmamataas at pagluluwalhati sa sarili; ang nabuhay na muling abilidad ay hindi palalo at hindi nagmamataas sa sarili nito—cf. Col. 1:17b, 18b; Fil. 3:3; 2 Cor. 12:9.
F. Ang natural na abilidad ay makasarili, at lahat ng balak at pakana nito ay para sa kapakanan ng sarili na walang pagpapahalaga sa kalooban ng Diyos; ang nabuhay na muling abilidad ay para sa kalooban ng Diyos; ito ay nabasag at hindi para sa sarili at walang elemento ng sarli—cf. Mat. 16:24.
G. Ang natural na abilidad ay nagsasanhi ng pagtitiwala sa sarili at kumpiyansa sa sarili, kumikilos sa sarili nito at sinasanhi tayong umasa sa ating sarili at hindi sa Diyos; ang nabuhay na muling abilidad ay umaasa sa Diyos at hindi nangangahas kumilos ayon sa sarili, bagama't talagang may kakayahan at mahusay; ang namuhay na muling abilidad ay kontrolado ng Espiritu Santo at hindi nangangahas kumilos ayon sa mga kagustuhan nito—cf. 2 Cor. 1:8-9; 4:6-7; 12:7-9.
H. Ang natural na abilidad ay walang dibinong elemento; hinahangad ang sarili nitong kaluwalhatian at binibigyang-kasiyahan ang sarili nitong mga pagnanais; naihalo ito sa mga elemento ng laman at pagtitimpi; kaya, kapag hindi ito naaprubahan, ito ay nagagalit; ang nabuhay na muling abilidad ay hungkag sa laman—cf. 1 Tes. 2:4.
I. Ang natural na abilidad ay pansamantala at hindi kayang labanan ang mga pagsubok, mga dagok, o pagsalungat; ang nabuhay na muling abilidad ay itinatanyag ang Ama, kinikilala ang kalooban ng Ama—Mat. 11:20-26; Juan 2:19; Gawa 2:24.
J. Nagnanais ang yaong mga naglilingkod ayon sa natural na abilidad ng gantimpala o paghanga mula sa iba; ninanais ng yaong mga naglilingkod ayon sa nabuhay na muling abilidad na mapanalunan si Kristo at deteminadong matamo ang karangalan ng pagiging kalugod-lugod sa Kanya—Fil. 3:8; Gen. 15:1; Heb. 11:5-6; 2 Cor. 5:9.
K. Hilig ipakita ng natural na abilidad ang sarili nito, upang makilala ng tao, at maisagawa sa harap ng tao; ang nabuhay na muling abilidad ay nais gumawa ng mga bagay sa lihim upang maging kaisa ng "Diyos na nagkukubli ng Kanyang sarili" at upang "mag-ugat nang pababa at mamunga nang pataas"—Isa. 45:15; 37:31; Mat. 6:4, 6, 17-18.
L. Ang natural na abilidad at kakayahang hiwalay sa buhay ay tulad ng isang ahas, nilalason ang bayan ng Diyos; ang buhay ay tulad ng isang kalapati, tinutustusan ng buhay ang bayan ng Diyos at sinasanhi tayong maging isang tao na inihahayag sa kanyang pagkatao ang masaganang Diyos sa Kanyang mayayamang katangian sa pamamagitan ng Kanyang mga masamyong kagalingan; sinasanhi tayo ng buhay na maging tulad ng isang liryong tumutubo mula sa mga tinik at tulad ng isang maliwanag na bituin na sumisinag sa madilim na gabi—cf. Exo. 4:1-9; Mat. 3:16-17.
M. Sa tuwing sinusubukang ipasok ng mga tao ang kanilang natural na abilidad tungo sa ekklesia, ang realidad ng ekklesia ay nawawala; tanging yaong dumaan sa kamatayan at pagkabuhay na muli ang maaaring dalhin tungo sa ekklesia—1 Cor. 3:16-17.

**IV. Ang apatnapu't isang hari ng Israel at Juda ay nasa pinakamataas na posisyon, ngunit sila ay hindi maingat sa kanilang pagtatamasa sa mabuting lupain; kahit si David ay hindi nakapagtamasa nang lubusan mabuting lupain; dapat nating iaplay ang kanilang halimbawa sa ating sarili:**

A. Ang ugat ng kasamaan ng masasamang hari, tulad ng masama ng bayan ng Israel, ay ang kanilang pagtalikod sa mismong Diyos bilang ang bukal ng mga buháy na tubig at ang kanilang pagbaling sa mga paganong diyos-diyosan bilang mga sirang bukal na walang lamang tubig; ang dalawang kasamang ito ang lumunod sa kanila sa mga tubig ng kamatayan at ng pagpapasasa sa mga pita—Jer. 2:13.
B. Ngayon tayo ay mga hari na naghaharing kasama ni Kristo sa buhay sa pamamagitan ng pagtanggap ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran (Roma 5:10, 17); dapat tayong magpunyaging sundan ang tularan ni Pablo, na makapagdedeklarang siya ay naipakong kalakip

ni Kristo at na hindi na siya ang nabubuhay kundi si Kristo ang nabubhay sa Kanya (Gal. 2:20); sinabi niya na ipinamuhay niya si Kristo para sa Kanyang pagdadakila sa pamamagitan ng pagtanggap ng masaganang tustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo, ang tustos ng Katawan (Fil. 1:19-21a).

C. Sa pagkabuhay na muli si Kristo ay naging ang Espiritung nagbibigay buhay bilang ang kasukdulan ng Tres-unong Diyos (1 Cor. 15:45b); itong dibino, nagpapaloob ng lahat na Espiritu ay pumapasok sa ating espiritu at nakikipaghalo sa ating isinilang na muling espiritu, sinasanhi ang Diyos at ang tao, ang tao at ang Diyos, na maging isa sa pinaghalong espiritu; ang dalawang espiritu ngayon ay pinaghalo bilang isang entidad (6:17; Roma 8:16).

D. Ngayon ang Diyos Espiritu ay ang nagpapaloob ng lahat na Espiritu, ang timpladang Espiritu, ang nagpapahid na Espiritu, ang naghahayag na Espiritu, at ang napasukdol na Espiritu bilang kasukdulan ng naprosesong Tres-unong Diyos—Fil. 1:19; Exo. 30:22-25; 1 Juan 2:27; 1 Cor. 2:10; Apoc. 22:17a.

E. Sa pagbabawi ng Panginoon ngayon, dapat tayong magbigay ng ating buong pansin sa pinaghalong espiritu, ang Espiritung nakipaghalo sa ating espiritu, at dapat mamuhay, lumakad, at gumawi sa loob at ayon sa pinaghalong espiritung ito upang tayo ay tunay na makapaghari sa buhay (Roma 8:4; 5:10, 17); ang pinaghalong espiritung ito ay ang simula ng Katawan ni Kristo at mapasusukdol sa Bagong Herusalem (Efe. 1:17; 2:22; 3:5, 16; 4:23; 5:18; 6:18; Apoc. 21:10).

*© 2022 Living Stream Ministry*